

Ano ang Aasahan mula sa Iyong Occupational Therapist

Ang mga occupational therapist ay nakikipagtulungan sa mga tao sa lahat ng edad at lahat ng abilidad upang tulungan silang maabot ang kanilang pinakamataas na antas ng paggana at kalayaan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Ang sakit, pinsala, kondisyon, o pagtanda ay maaaring magpahirap sa mga pamilyar na gawain. Tinutulungan ng mga occupational therapist ang mga tao sa lahat ng kakayahan na gawin ang mga aktibidad na mahalaga sa kanila sa pamamagitan ng pagmumungkahi ng mga kagamitan at device, diskarte, o pagsasaayos upang gawing mas ligtas at mas madali ang pang-araw-araw na buhay.

Ano ang aasahan kapag nagtatrabaho ka sa isang occupational therapist

- Maaari mong asahan ang isang kwalipikadong propesyonal sa kalusugan na nakarehistro (lisensyado) sa College of Occupational Therapists ng Ontario.
- Maaari mong asahan na makipagtulungan sa isang occupational therapist na dapat matugunan ang mga propesyonal na pamantayan at lumahok sa taunang mga aktibidad sa pagpapahusay ng kalidad.
- Maaari mong asahan na makatanggap ng ligtas, etikal at kalidad na pangangalaga.
- Maaari mong asahan na makuha ang lahat ng impormasyong kailangan mo upang makagawa ng matalinong mga desisyon tungkol sa pakikipagtulungan sa iyong occupational therapist.
- Maaari mong asahan ang iyong occupational therapist na tratuhin ka nang may paggalang at dignidad.
- Maaari mong asahan na itaguyod ng iyong occupational therapist ang iyong mga karapatang pantao at makikipagtulungan sa iyo upang suportahan ang iyong mga personal at kultural na kasanayan.
- Maaari mong asahan na masasagot ang iyong mga katanungan. Tanungin ang iyong occupational therapist ng maraming tanong hangga't kailangan mo.



College of Occupational Therapists of Ontario

Regulator of occupational therapists in Ontario

Sa Ontario, ang mga occupational therapist ay dapat na nakarehistro sa **College of Occupational Therapists of Ontario**. Maaari mong kumpirmahin ang pagpaparehistro sa pamamagitan ng pagsuri sa online na [Listahan ng Mga Rehistradong Occupational Therapist](#) sa coto.org (available lang sa English).

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa pagtatrabaho sa isang occupational therapist, makipag-ugnayan sa College of Occupational Therapists of Ontario. Nandito kami para tumulong. Maaari mo kaming tawagan sa 416-214-1177 o toll-free sa 1-800-890-6570 o mag-email sa amin sa practice@coto.org.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang aming website sa coto.org (magagamit lamang sa English).